Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-WALONG (8TH) DI-PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG ABRIL 23, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad

Di-nakadalo :

Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad, O.B.
Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2483

KAUTUSAN NA NAGPAPAHINTULOT NG PANSAMANTALA O PROBISYONAL NA PAGTAAS NG MINIMUM NA PAMASAHE NG MGA TRAYSIKEL MULA LABING-APAT NA PISO (PHP 14.00) TUNGO SA DALAWAMPUNG PISO (PHP 20.00) SA BAYAN NG LOS BAÑOS SA PANAHON NG PAGKAKADEKLARA NG *STATE OF NATIONAL ENERGY EMERGENCY*, NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN KAUGNAY NITO, AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, ang mga bayan at lungsod sa pamamagitan ng kani-kanilang Sangguniang Bayan/Panlungsod, ay binibigyan ng kapangyarihang mag-regula ng operasyon ng mga traysikel at magbigay ng prangkisa sa loob ng kanilang nasasakupan, alinsunod sa mga alituntunin ng Department of Transportation and Communications (DOTC), alinsunod sa Seksyon 447(a)(3)(vi) at 458(a)(3)(vi) ng Republic Act No. 7160 o ang Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Los Baños ay nagpatibay ng Municipal Ordinance No. 2011-1082 na may petsang Oktubre 17, 2011, na kilala bilang "New Municipal Ordinance on the Franchise and Operation of Motorized Tricycles in the Municipality of Los Baños";

SAPAGKAT, itinakda ng nasabing kautusan ang kapangyarihan at tungkulin ng Municipal Tricycle Pedicab Franchising and Regulatory Board (MTPFRB) bilang policy-making body, at ng Transportation Regulation Unit (TRU) bilang implementing arm sa ilalim ng pamamahala ng Tanggapan ng Punong Bayan;

SAPAGKAT, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ang mahalagang papel ng First Laguna Federation of Los Baños Tricycle Operators and Drivers Associations, Inc. (FLFILBTODA, Inc.) sa pagbibigay ng serbisyo sa transportasyon at sa pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng publiko;

SAPAGKAT, nagsumite ang FLFILBTODA, Inc. ng pormal na kahilingan sa MTPFRB para sa pag-apruba ng pansamantalang pagtaas ng minimum na pamasahe mula Labing-apat na Piso (Php 14.00) tungo sa Dalawampung Piso (Php 20.00) dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng krudo at gastusin sa operasyon;

SAPAGKAT, nagkaroon ng makabuluhan at tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo dulot ng pandaigdigang kakulangan sa suplay at tensyong geopolitical, na nagresulta sa pagtaas ng gastusin ng mga operator at drayber ng traysikel;

SAPAGKAT, idineklara sa pamamagitan ng Executive Order No. 110 ang *State of National Energy Emergency* at hinihikayat ang mga Local Government Units na magpatupad ng mga hakbang upang mabawasan ang epekto nito sa sektor ng transportasyon;

SAPAGKAT, noong Abril 8, 2026, ang presyo ng gasolina sa Bayan ng Los Baños ay umabot sa hanggang Isang Daan at Walong Piso (Php 108.00) bawat litro, na lubhang nakaapekto sa kita at kakayahang mag-operate ng mga traysikel;

SAPAGKAT, matapos ang konsultasyon at deliberasyon, inirekomenda ng MTPFRB sa pamamagitan ng Resolution No. 2026-02 ang pag-apruba ng pansamantalang pagtaas ng pamasahe upang matiyak ang tuluy-tuloy na serbisyo habang pinoprotektahan ang kapakanan ng mga pasahero;

SAPAGKAT, kinakailangang magpatupad ang Sangguniang Bayan ng pansamantala at agarang hakbang upang mabalanse ang kapakanan ng mga operator at ng mananakay;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Kgg. Myla E. Alinsunurin, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **MAIKLING PAMAGAT.** Ang kautusang ito ay tatawaging *"Kautusan sa Pansamantalang Pagtaas ng Pamasahe sa Traysikel ng Taong 2026 ng Bayan ng Los Baños."*

SEKSYON 2. **PROBISYONAL NA PAMASAHE.**

A. **HALAGA NG PAMASAHE.** Ang minimum na pamasahe para sa mga traysikel ay pansamantalang itataas mula Php 14.00 tungo sa Php 20.00 kada pasahero para sa unang kilometro.

URI NG BIYAHE	HALAGA NG PAMASAHE
Regular Trip	Php 20.00 sa unang kilometro at karagdagang Php 1.00 kada susunod na kilometro
Special Trip	(a) Katumbas ng apat (4) na pasahero (regular fare x 4); o (b) Napagkasunduang halaga ng parehong panig

B. MGA TIYAK NA RUTA. Susundin ang *Provisional Minimum Fare Guide* na nagtatakda ng mga tiyak na ruta, kasama ang pagbibigay ng dalawampung porsiyento (20%) diskwento para sa mga nakatatanda (60 taong gulang pataas), mga taong may kapansanan (PWDs), at mga mag-aaral, alinsunod sa mga umiiral na batas. Ang nasabing gabay ay nakapaloob sa Kalakip "A" na ituturing na mahalagang bahagi ng kautusang ito.

SEKSYON 3. KATANGIAN NG PAGTAAS NG PAMASAHE. Ang pagtaas ng pamasahe ay pansamantala lamang at mananatiling epektibo habang umiiral ang *State of National Energy Emergency*, maliban kung ito ay bawiin, baguhin, o palawigin ng Sangguniang Bayan.

SEKSYON 4. PAGLALAGAY NG FARE MATRIX. Lahat ng traysikel ay kinakailangang maglagay ng updated fare matrix sa loob ng sidecar na malinaw na makikita ng mga pasahero.

SEKSYON 5. PAGSUSURI AT POSIBLENG PAGBABABA NG PAMASAHE. Sa pagkakataong ang umiiral na presyo ng mga produktong petrolyo, partikular ang gasolina, ay bumaba sa Pitumpung Piso (Php 70.00) kada litro o mas mababa pa, ang Municipal Tricycle Pedicab Franchising and Regulatory Board (MTPFRB) ay magsasagawa, ayon sa sariling pagpapasya o sa kahilingan ng alinmang sektor na may kinalaman, ng pagsusuri sa kasalukuyang ipinatutupad na pansamantalang pamasahe.

Kung mapag-alamang ang naturang pagbaba ay may malaking epekto sa pagbawas ng gastusin sa operasyon, ang Sangguniang Bayan ay maaaring, batay sa rekomendasyon ng MTPFRB, magpatibay ng kaukulang pagbaba sa pamasahe ng traysikel upang matiyak na ito ay nananatiling makatarungan, makatwiran, at balanse para sa parehong mananakay at mga operator.

Maaari ring, batay sa rekomendasyon ng MTPFRB, bahagya o ganap na ibalik ng Sangguniang Bayan ang mga pamasahe na itinakda sa ilalim ng Municipal Ordinance No. 2022-2298, ayon sa umiiral na kalagayan.

SEKSYON 6. PAGBABALIK SA UMIIRAL NA KAUTUSAN SA PAMASAHE. Sa oras ng pagwawakas, pag-aalis, o pagtatapos ng *State of National Energy Emergency*, ang pansamantalang pagbabago sa pamasahe na pinahintulutan sa ilalim ng Kautusang ito ay awtomatikong mawawalang-

bisa, at ang mga pamasahe na itinakda sa ilalim ng Municipal Ordinance No. 2022-2298 ay muling ipatutupad.

Gayunpaman, kung sa panahon ng naturang pagwawakas ay nananatiling mataas ang umiiral na presyo ng mga produktong petrolyo, ayon sa pagtukoy ng MTPFRB, ang Sangguniang Bayan ay maaaring, batay sa kahilingan ng FLFILBTODA, Inc. at rekomendasyon ng MTPFRB, panatilihin, baguhin, o magpatibay ng naaangkop na pamasahe alinsunod sa umiiral na kalagayang pang-ekonomiya.

Alinsunod dito, ang lahat ng mga probisyon, fare matrix, at mga patakaran sa pagpapatupad sa ilalim ng Municipal Ordinance No. 2022-2298 ay muling magkakaroon ng buong bisa, maliban na lamang kung mababago sa pamamagitan ng susunod na hakbang ng sanggunian.

SEKSYON 7. **PAGPAPATUPAD.** Ang Transportation Regulation Unit (TRU) ang mangangasiwa sa pagpapatupad ng kautusang ito.

SEKSYON 8. **PARUSA.** Ang sinumang lalabag ay papatawan ng kaukulang parusa alinsunod sa umiiral na mga kautusan at regulasyon.

SEKSYON 9. **PAGHIHIWALAY (SEPARABILITY CLAUSE).** Kung sakaling ang alinmang probisyon, seksyon, o bahagi ng kautusang ito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa, ang ibang mga bahagi o probisyon na hindi apektado ay mananatiling ganap na may bisa at ipatutupad.

SEKSYON 10. **PAGKAKABISA (EFFECTIVITY CLAUSE).** Ang kautusang ito ay agad na magkakabisa matapos itong maaprubahan at maipaskil sa hindi bababa sa tatlong (3) lantad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños.

PINAGTIBAY : Abril 23, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONA T. ALBORIDA-DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan

KALAKIP "A". KAUTUSAN BLG. 2026-2483

Provisional Minimum Fare Guide na nagtatakda ng mga tiyak na ruta at nagbibigay ng dalawampung porsiyento (20%) na diskwento para sa mga Nakatatanda (Senior Citizens), mga Taong may Kapansanan (PWDs), at mga Mag-aaral, alinsunod sa mga umiiral na pambansang batas.

ROUTES	EXISTING FARE (PhP)	PROVISIONARY FARE (PhP)		
		REGULAR FARE	SPECIAL TRIP	DISCOUNTED FARE FOR SENIOR CITIZENS, PWDs AND STUDENTS
Batong Malake Public Market/ Maahas/ San Antonio and Vice Versa (1 -2 kilometers)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
	15.00	**21.00**	**84.00**	**17.00**
Batong Malake Public Market to LSPU (2 kilometers)	15.00	**21.00**	**84.00**	**17.00**
Rhodas/ San Isidro Village/ Anos and Vice Versa (1 kilometer)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Bayog to Crossing (1 kilometer)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Crossing To Tulay/ Moldez/ Menia (2 Kilometers)	16.00	**22.00**	**88.00**	**18.00**
Crossing to Water District Kanluran/ Dulong Silangan (3 Kilometers)	18.00	**24.00**	**96.00**	**20.00**
Crossing to Umali Subd., CDLB (1 -2 kilometers)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
	15.00	**21.00**	**84.00**	**17.00**
Crossing to Mayondon/ Burol/ Kanan (1.5 kilometers)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Crossing to LSPU Malinta (2.4 kilometers)	15.00	**21.00**	**84.00**	**17.00**
Crossing to Mayondon Kanan-Itaas (2.5 kilometers)	16.00	**22.00**	**88.00**	**18.00**
Crossing to Baywalk/ Malinta Bodega (2 kilometers)	16.00	**22.00**	**88.00**	**18.00**
Poblacion Public Market to Malinta/ Mayondon (1 kilometer)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Kanto Mayondon to Bayan (2 kilometers)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Special Trip to Bernardo Subd./ Dangka/ Antipaz/ Villa Adelina Subd./ Prince Spring Subd.	50.00		**80.00**	**64.00**
Special Trip to Antique Subd.			**100.00**	**80.00**
PCAARRD Road to Magnetic (2 kilometers with high upland elevated road)	15.00	**21.00**	**84.00**	**17.00**
PCAARRD Road to Los Baños Community National High School	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Umali Subd. to San Antonio/ El Danda and Vice Versa (1 kilometer)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**

Agapita to Montessori School of Nativity/ Mendiola/ Dangka San Antonio (0.5-1 kilometer)	12.00	**18.00**	**72.00**	**15.00**
	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
Poblacion to Bambang/ Baybayin (1 kilometer)	14.00	**20.00**	**80.00**	**16.00**
South Supermarket/ Robinsons/ Caltex (Special Trip)	60.00		**85.00**	**63.00**
Tuntungin-Putho to Kanto ng Maahas 7/Eleven	20.00	**25.00**	**100.00**	**20.00**
Tuntungin-Putho to Batong Malake Public Market (Special Trip)	90.00		**130.00**	**104.00**
Special Trip to IRRI	50.00		**80.00**	**64.00**
Special Trip to IPB/ BIOTECH/ NCPC/ Pascual Lab	60.00		**85.00**	**68.00**
Maahas to GK Ville	90.00		**110.00**	**88.00**